# Alliance of Contractual Employees in UP

*Organisasyon ng mga kontraktwal na kawani, REPS, at guro sa Unibersidad ng Pilipinas*

Nobyembre 16, 2020

Mahal na kapwa kontraktwal,

*Kamusta ang iyong kalagayan?*

Magkakaroon ng webinar na pinamagatang, **“Kamustahan ng mga Kontraktwal sa UP”** sa darating na Miyerkules, ika-18 ng Nobyembre 2020 mula ala 1:00 hanggang 4:00 ng hapon, sa pamamagitan ng Zoom.

Ang webinar na ito ay isang magandang pagkakataon para sa mga kapwa natin JO/COS, non-UP contractual, UP contractual, lecturer, at agency-hired upang marinig ang ating mga tinig at matalakay ang ating mga suliraning ikinakaharap. Iilan lamang ang pagkaantala ng sahod, kawalan ng benepisyo at hindi pantay na trato sa mga isyung ito.

Maaaring magparehistro sa link na ito: http://bit.ly/ACEKamustahan. Ipapadala namin sa e-mail ang mga detalye ng Zoom link pagkatapos ninyong magparehistro. Maaari mo ring bisitahin ang Facebook Page ng ACE UP para sa karagdagang mga updates: https://www.facebook.com/ACEUP2014.

Huwag tayong pumayag na basta-basta na lamang tapakan ang ating karapatan bilang empleyado/REPS/guro. Lalo tayong maging matapang na ipahayag ang ating saloobin. Tayo ay magkaisa. Lumahok sa magaganap na **Kamustahan ng mga Kontraktwal sa UP** sa darating na Miyerkules!

Inaasahan namin ang iyong pakikilahok.

Maraming salamat at nawa’y manatili tayong ligtas.

Kaagapay ninyo sa pakikibaka,

**DIONESIO VILLANUEVA**
PANGULO, ACE UP